# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 09, 2024, LUNES, IKA-09:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 09 JAN 2025 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 01/13/25 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 499-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN (SIP) NG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY BUBUKAL, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 128-T2024/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 04-T2024 NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may Supplemental Investment Plan (SIP) ang Karagdagang Badyet ang Barangay ng Bubukal na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 128-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2024;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Kasapi ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Alan T. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan (SIP) ang Karagdagang Badyet ang Barangay ng Bubukal na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 128-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2024 ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 09, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

1/7/25

LAM/CEL 24

101/29 049